

# Paano Mag-set Up ng UI Online<sup>SM</sup> Account



Tutulungan ka ng sumusunod na impormasyon sa paggawa ng UI Online<sup>SM</sup> account at bibigyan ka ng kapaki-pakinabang na impormasyon sa kung paano iparehistro, pamahalaan at protektahan ang iyong account.

## Pagsisimula

Upang makagawa ng UI Online<sup>SM</sup> account, kakailanganin ang iyong:

- Pangalan at apelyido na katulad ng nakalagay sa iyong paghahabol sa Insurance para sa Walang Trabaho (Unemployment Insurance o UI)
- Petsa ng kapanganakan
- E-mail address\*
- Numero ng Social Security
- Numero ng account ng customer sa EDD

\* Kung wala kang email account, o may kabahagi kang ibang tao sa isang email account, kakailanganin mong gumawa ng sarili mong email address upang protektahan ang iyong privacy at ang pagiging kumpidensyal ng iyong paghahabol sa UI.

Kung isa kang bagong customer sa UI, maghintay ng 10 araw ng negosyo bago matanggap ang iyong *Employment Development Department (EDD) Customer Account Number*, (DE 5614), *Numero ng Account ng Customer sa Departamento ng Pagpapaunlad ng Employment*, sa isang liham sa pamamagitan ng mail. Nakapaloob din sa notification na ito ang iyong pangalan gaya ng ibinigay mo sa EDD noong naghain ka ng iyong paghahabol.

Kung naiwala o nawaglit mo ang iyong numero ng account ng customer sa EDD, tawagan ang EDD sa 1-800-300-5616 para sa tulong.

Kapag nasa iyo na ang lahat ng kinakailangang impormasyon, bisitahin ang [www.edd.ca.gov/UI\\_Online](http://www.edd.ca.gov/UI_Online) upang magparehistro.

## Paggawa ng Username at Password

Habang isinasagawa ang proseso ng pagpaparehistro, hihilingin sa iyong gumawa ng username at password nang sinusunod ang mga tagubilin sa screen. Upang mas maprotektahan ang iyong account, hihilingin din sa iyo na pumili ng personal na larawan at caption. At panghuli, upang matulungan sa pag-recover ng password, hihilingin sa iyo na pumili ng apat na panseguridad na tanong at magbigay ng sagot sa bawat tanong.

[www.edd.ca.gov/UI\\_Online](http://www.edd.ca.gov/UI_Online)

# Paano Mag-set Up ng UI Online<sup>SM</sup> Account

## Mga Customer na may Kasalukuyang SDI Online Account

Kung nagparehistro ka para sa isang SDI Online Account, naghain ka man ng paghahabol o hindi sa Insurance para sa May Kapansanan (Disability Insurance o DI) o Bayad na Pag-leave para sa Pamilya, dapat mong gamitin ang parehong username at password upang magparehistro para sa UI Online<sup>SM</sup>. Kapag nagparehistro, piliin ang button na "Register Using SDI Login" upang pabilisin ang proseso ng pagpaparehistro para sa UI Online<sup>SM</sup>.

Kung nawaglit o nakalimutan mo ang iyong username o password sa SDI Online, bisitahin ang page ng FAQ ng SDI Online sa [http://www.edd.ca.gov/Disability/FAQ\\_State\\_Disability\\_Insurance\\_Online.htm](http://www.edd.ca.gov/Disability/FAQ_State_Disability_Insurance_Online.htm) para sa mga kumpletong tagubilin sa kung paano ma-recover ang impormasyong ito.

## Pagkumpleto sa Proseso ng Pagpaparehistro

Kapag nakagawa ka na ng bagong UI Online<sup>SM</sup> account, magpapadala ng notification sa email sa loob ng ilang minuto sa email address na ibinigay sa panahon ng pagpaparehistro. Dapat mong i-access ang mensahe sa email na ito, piliin ang natatanging link at sundin ang lahat ng tagubilin sa loob ng 48 oras upang makumpleto ang proseso ng pagpaparehistro. Kung hindi mo pipiliin ang natatanging link sa loob ng 48 oras, dapat mong ulitin ang proseso ng pagpaparehistro mula sa simula.

Kung hindi mo natanggap ang mahalagang mensahe sa email na ito, tingnan ang iyong folder ng junk/spam. Upang matiyak na lalabas ang mga email na galing sa EDD sa iyong inbox, idagdag ang [noreply@edd.ca.gov](mailto:noreply@edd.ca.gov) sa iyong address book.

## Pamamahala sa iyong UI Online<sup>SM</sup> Account

- Protektahan ang iyong username at password sa lahat ng oras.
- Tingnan kung may mahahalagang notification na galing sa EDD sa pamamagitan ng regular na pag-a-access sa iyong inbox sa UI Online<sup>SM</sup>.
- I-save ang iyong numero ng kumpirmasyon kapag nagpapa-certify para sa mga benepisyos.
- Tiyaking ginagamit mo pa rin ang iyong impormasyon ng contact upang mapadalhan ka ng EDD ng mahalagang impormasyon tungkol sa iyong paghahabol.

## Protektahan ang seguridad ng iyong UI Online<sup>SM</sup> Account

Huwag na huwag ipapaalam sa iba ang kumpidensyal na impormasyon gaya ng iyong numero sa Social Security, Numero ng Account ng Customer o ang iyong username at password sa UI Online<sup>SM</sup>. Kung pinaghihinalaan mong nakompromiso ang iyong UI Online<sup>SM</sup> account, palitan kaagad ang iyong password, larawang panseguridad at personal na caption. Kung kinakailangan, makipag-ugnayan sa EDD para sa higit pang tulong. At panghuli, tandaan na palaging mag-log off sa UI Online<sup>SM</sup> kapag gumagamit ng nakabahagi o pampublikong computer upang mas maprotektahan ang iyong kumpidensyal na impormasyon.

## Tulong para sa iyong UI Online<sup>SM</sup> Account

Kung kailangan mo ng tulong habang ginagamit ang UI Online<sup>SM</sup>, maaari mong gamitin ang built-in na feature para sa pagtulong upang matulungan kang masagutan ang mga kinakailangang field. Piliin lang ang icon na ? o i-access ang text ng tulong mula sa link sa kanang sulok sa itaas ng screen. Available ang mga karagdagang online tool, kabilang ang mga instructional video tutorial sa FAQ sa [www.edd.ca.gov/UI\\_Online](http://www.edd.ca.gov/UI_Online).

Kung kailangan mo ng tulong panteknikal sa iyong UI Online<sup>SM</sup> account, gaya ng tulong sa pagpaparehistro, mga pag-reset ng password at pag-navigate sa site, maaari mong tawagan ang EDD sa 1-800-300-5616. Available ang mga kinatawan mula 8 a.m. hanggang 12 ng tanghali Pacific time, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga holiday ng estado.

## Mahalagang Impormasyon tungkol sa Compatibility ng Browser at Mga Pop-up Blocker

Compatible ang UI Online<sup>SM</sup> sa mga pinakabagong bersyon ng Internet Explorer, Google Chrome at Mozilla Firefox. Dagdag pa rito, dapat mong i-disable ang mga pop-up blocker upang i-access ang mga feature ng UI Online<sup>SM</sup>.

Ang EDD ay isang employer/programa para sa patas na oportunidad. Available sa mga indibidwal na may mga kapansanan ang karagdagang tulong at mga serbisyo kapag hiniling.